Estado ng Hawaii
Programa ng Pamamahagi ng PPE para sa COVID-19

Umorder ng mga LIBRENG supply ng Personal Protective Equipment (PPE, Personal Pumuprotektang Kasuotan) na makukuha sa
https://hawaii-medical-alliance.myshopify.com/

SINO ANG Karapat-dapat? Mga Residensyal na Pasilidad, Tagapagkaloob ng Serbisyo at Organisasyon

- Mga Pasilidad na Nangangalaga sa Matatanda – Lahat ng pasilidad na nagkakaloob ng residensyal na pangangalaga para sa Matatanda- hal. adult residential care home, foster family care home, at assisted living
- Mga Non-Profit – mga hindi pangkalakal na nagkakaloob ng serbisyo sa publiko:
  - Baitang 1: Mga food bank at namamahagi ng pagkain; mga shelter para sa walang tirahan, mga shelter para sa mga Beteranong may Kapansanan, mga shelter para sa Kabataan
  - Baitang 2: Kalusugan ng pag-iisip at pang-aabuso sa alkohol o droga; Mga Pasilidad para sa Espesyal na Paggagamot
- Kabilang sa ibang mga tumatanggap ay ang mga paaralan, ospital, independiyenteng medikal na tagapagkaloob ng serbisyo, dentista, laboratoryo at therapist
- Maliliit na Negosyong Nagkakaloob ng Serbisyo sa Publiko na karaniwang may mas mababa sa 100 empleyado bago ang quarantine- Mga ahensyang home care; Mga ahensyang home health care, at Mga ahensya para sa case management, Mga retail na tindahan; Mga restawran, Akomodasyon, at Maliliit na kumpanyang Nagmamanupaktura.

ILAGAT ANG IYONG ORDER: Tinatanggap na ngayon ang pagpaparehistro at mga order ng Hawai'i Emergency Management Agency (HI-EMA, Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensya ng Hawai'i), na nangangasiwa sa pag-order at pamamahagi ng mga supply at pamamahagi ng PPE sa buong estado.

- Magparehistro online sa: https://hawaii-medical-alliance.myshopify.com/
- Kumpletuhin ang unang survey at ibang mga iniaatas upang maberipika ang iyong pagiging karapat-dapat.
- Dapat ibigay ang Numero ng Lisensya ng DOH/ DHS o Lisensya ng PVL; o Para sa Pribadong Negosyo: Ilagay ang Numero ng Iyong ng GET; Para sa mga Non-Profit: Ilagay ang Iyong Numero ng EIN
- Ibigay ng bilang ng iyong staff (kabilang ang part time, o hindi binabayarang mga miyembro ng sambahayan na tumutulong sa pangangalaga) at bilang ng mga kliyente (mga residente) na nakalisensya para sa iyong pasilidad

Magparehistro na NGAYON at umorder na habang mayroon pang mga supply!

Magbasa pa.....

Ang proyekto ay ginawang posible ng Lehislatura ng Estado ng Hawaii sa pamamagitan ng Act 9 (Batas 9) na bumili at magpamahagi ng napakahalagang Personal Protective Equipment (Personal na Pumuprotektang Kasuotan) nang walang bayad sa mga espesipikong tagatanggap upang tulungan sila sa pagpapanatili ng kanilang mga kritikal na pasilidad at negosyo sa panahon ng emerhensyang hatid ng COVID

Pagkatapos Mong Makumpleto ang Online na Pagpaparehistro:

Makikipag-ugnay sa iyo ang Hi-EMA upang malaman ang iyong supply order. Makakatanggap ka ng humigit-kumulang na pang-90-araw na supply na hihintayin hanggang maging available. Ang mga order na PPE ay ipapadala sa address ng iyong negosyo kabilang ang sa mga karatig na isla. Sa kasalukuyan, ang inaasahang pag-deliver ay mga Oktubre/Nobyembre.

Samantala, maaari kang humiling ng mga limitadong supply na pang-emerhensya na kasalukuyang naka-stock sa pamamagitan ng Hawaii Health Management Agency (Ahensya ng Pamamahala ng Kalusugan ng Hawaii) o maaari kang bumili o umorder nang direkta sa pamamagitan ng mga pribadong tagapamahagi (tingnan ang Kalakip A – Mga Mapagkukunan ng PPE)

Mga Inirerekomendang Supply ng PPE para sa mga Residential/Foster Family/Group Home (Ang dami ay nakabatay sa bilang ng staff at mga kliyenteng pinaglilingkuran)

Kailangang PPE kung May Kasong Covid	Mga Pang-araw-araw na PPE (Walang Covid)
• Surgical Mask para sa Caregiver sa panahon ng direktang pangangalaga • Cloth mask para sa Residenteng may Covid (kung kaya) • Plastic na Face Shield o Eye Protective Gear (Goggles) • Disposable na Long Sleeve Gown • Mga Disposable Glove • Mga Sanitizer N95 Mask na may kasamang Face Shield (kailangan lamang kung isinasagawa ang nebulizer, trach cleaning, o suctioning) *Ang mga N95 mask ay dapat paunang isukat bago umorder	• Surgical Mask para sa Caregiver • Cloth Mask para sa Residente • Mga Disposable Glove • Mga Sanitizer

Opsyonal: *Maaaring umorder ng Shoe Booties habang mayroon pang supply. Inirerekomendang gamitin ng mga essential worker sa labas o bisita.*

*N95 Fit Test/ Train the Trainer: mangyaring mag-email sa hiN95fit@gmail.com: isama ang mga pangangailangan, pag-iiskedyul, paghiling para sa fit testing, pag-uugnay.

Kailangan ng Karagdagang Impormasyon: Makipag-ugnay sa Hawaii Emergency Management Agency (HI-EMA) sa *ESF7.hiema@hawaii.gov*

Ang Programa ng libreng Pamamahagi ng PPE na ito ay nilalayon para gamitin ng humihiling na partido para sa layunin ng pagsuporta sa mga itinalagang pasilidad at negosyo. Hindi ito maaaring muling ibenta. Ang sinumang intensyonal na nagsisinungaling tungkol sa kanilang mga pangangailangan, labis na pag-iimbak, o muling pagbebenta ng PPE na nakuha sa ilalim ng programang ito ay sasailalim sa mga parusa sa ilalim ng mga batas ng Estado ng Hawaii.

Ang proyekto ay ginawang posible ng Lehislatura ng Estado ng Hawaii sa pamamagitan ng Act 9 (Batas 9) na bumili at magpamahagi ng napakahalagang Personal Protective Equipment (Personal na Pumuprotektang Kasuotan) nang walang bayad sa mga espesipikong tagatanggap upang tulungan sila sa pagpapanatili ng kanilang mga kritikal na pasilidad at negosyo sa panahon ng emerhensyang hatid ng COVID